# QUARTER 2 WEEK 3

| LESSON EXEMPLAR IN MTB-MLE | |
|---|---|
| ***Baitang at Pangkat:*** | ***Guro:*** |
| ***Petsa:*** | ***Paaralan:*** |
| ***Week 3*** | |
| ***A. Pamantayang Pangnilalalman*** | Demonstrates expanding knowledge and use of appropriate grade level vocabulary and concepts. |
| ***B. Pamantayan sa Pagganap*** | Uses expanding vocabulary knowledge and skills in both oral and written forms. |
| ***C. Mga Kasanayan sa Pagkatuto*** | Identify simile in sentences |
| ***D. Pinakamahalagang Kasanayan sa Pagkatuto (MELC)*** ***(Kung mayroon, isulat ang Pinakamahalagang Kasanayan sa Pagkatuto o MELC)*** | Identify simile in sentences |
| ***E. Pagpapaganang Kasanayan (Kung mayron, Isulat ang pagpapaganang kasanayan))*** | |
| ***F. Pagpapayamang Kasanayan*** ***(Kung mayroon, Isulat ang pagpapayamang kasanayan)*** | |
| ***II. NILALAMAN*** | **Simili** |
| ***III. KAGAMITAN PANTURO*** | |
| A. Mga Sanggunian | MELC p.491 CG.p96 |
| 1. Mga Pahina sa Gabay ng Guro | |
| 2. Mga Pahina sa Kagamitang Pangmag-aaral | |
| 3. Mga Pahina sa Teksbuk | |

| | |
|---|---|
| 4. Karagdagang Kagamitan mula sa Portal ng Learning Resource | |
| B. Listahan ng mga Kagamitang Panturo para sa mga Gawain sa Pagpapaunlad at Pakikipagpalihan | , Modyul |
| ***IV. PAMAMARAAN*** | |
| A. PANIMULA<br><br>***Alamin*** | Sa araling  ito, matututunan mo ang matalinghagang pananalita sa  pagtutulad ng mga katangian ng dalawang bagay na magkaiba sa paggamit. |
| ***Subukin*** | Guhitan ang salitang nagpapakita ng pagtutulad sa bawat pangungusap.<br><br>1. Para siyang maningning na brilyante.<br><br>2. Tila asukal ang tamis ng kaniyang ngiti.<br><br>3. Tumakbo siya na parang tigre sa bilis.<br><br>4. Parang madulas na tela ang kaniyang balat.<br><br>5. Tila ba tumigil ang aking mundo nang umalis siya. |
| *Balikan* | Gamitin sa pangungusap ang mga sumusunod na panghalip na paari.<br><br>1. Akin =<br>2. Kanya =<br>3. Kanila =<br>4. Atin =<br>5. Iyo = |
| B. Pagpapaunlad<br><br>*Tuklasin* | Basahin ang mga sumusunod na pangungusap.<br><br>a. Ang sandalyas ay <u>parang</u> basahan sa dumi.<br>b. Ang patak ng luha niya ay <u>tila</u> patak ng ulan sa kanyang pisngi.<br>c. Siya ay nag-<u>mistulang</u> tarsier sa laki ng kanyang mga mata.<br>d. Ang langit ay <u>kawangis ng</u> liwanag ng kanyang mga mata.<br>e. Halos <u>magkasing-puti</u> na ang labanos at ang balat ni Berna. |
| *Suriin* | Sagutin: |

| | |
|---|---|
| | - Anu-anong mga salita sa bawat pangungusap ang pinaghambing?<br>- Magkatulad ba sila?<br>- Anu-anong mga kataga o pangatnig ang ginamit upang paghambingin ang dalawang bagay na magkaiba?<br>- Ano ang tawag natin dito?<br><br>Simili ay tinatawag na di tiyak na paghahambing ng dalawang magkaibang bagay. Ito ay ginagamitan rin ng pangatnig |
| C. Pakikipagpalihan<br>*Pagyamanin* | Gawain 1<br><br>Guhitan ang salitang nagpapakita ng pagtutulad sa bawat pangungusap.<br><br>1. Para siyang maningning na brilyante.<br><br>2. Tila asukal ang tamis ng kaniyang ngiti.<br><br>3. Tumakbo siya na parang tigre sa bilis.<br><br>4. Parang madulas na tela ang kaniyang balat.<br><br>5.Tila ba tumigil ang aking mundo nang umalis siya.<br><br>Gawain 2<br><br>Lagyan ng tsek ang patlang kung ang pangungusap ay ginamitan ng pagtutulad at ekis naman kung hindi.<br><br>________ 1. Ang aso ay mabilis.<br><br>________ 2. Mapula ang kaniyang labi tulad ng balat ng mansanas.<br><br>________ 3. Parang bato sa tigas ang kaniyang puso.<br><br>________ 4. Siya ay ang mundo ni Elias.<br><br>________ 5. Gabundok na labada ang hinarap niya.<br><br>Gawain 3<br><br>Salungguhitan ang mga pangungusap na ginamitan ng pagtutulad.<br><br> |

| | |
|---|---|
| | Parang batang inagawan ng laruan, umiyak nang malakas si Anna. Hindi na niya muli pang makikita ang kaniyang kaibigang si Juli. Tila ba gumuho ang kaniyang mundo nang malaman niya kahapon na aalis na ang matalik na kaibigan papuntang Amerika. Tulad ng isang dakilang tagapagligtas, niyakap siya ng kaniyang ina. Bahagyang kumalma si Anna sa yakap ng kaniyang ina.<br>"Huwag kang mag-alala, anak. Ang tunay na pagkakaibigan ay hindi masusukat sa layo ng distansya. Tulad ng pader, pag-ibig at tiwala ang inyong pundasyon kaya naniniwala akong hindi ka makalilimutan ni Juli, at ganoon ka rin naman sa kaniya." Ang wika ng ina kay Anna<br>Tila ba nabunutan nang malaking tinik sa kaniyang dibdib si Anna sa sinabi ng ina at unti-unting tumigil sa kaniyang pag-iyak. |
| D. Paglalapat<br><br><br><br><br><br><br><br>*Paglalahat* | Sumulat ng limang pangungusap na may pagtutulad.<br><br>1.<br><br>2.<br><br>3.<br><br>4.<br><br>5.<br><br><br>Ang Simili ay pagtutulad ng mga katangian ng dalwang bagay na magkaiba sa pamamagitan ng paggamit ng mga salitang: wangis, kapareho, tulad, tila, animo, parang. |
| E. Pagtataya | Salungguhitan ang dalawang salitang pinaghahambing sa sumusunod na pangungusap.<br><br>1.Parang gusot na tela ang balat niya.<br>2.Ang gabing mapanglaw ay katulad ng malungkot na nilalang.<br>3.Sumigaw kang parang kinakatay na baka.<br>4. Ang buhay ng tao ay wangis ng kandila.<br>Tila ka Kerubin sa lupa dahil sa kabaitan. |
| ***V. PAGNINILAY (Reflection on the type of Formative or Assessment Used for the Particular Lesson)*** | Kumpletuhin ang bawat pangungusap.<br><br>1. Ang natutuhan ko ngayon ay________________________________________<br>____________________________________________________<br><br>2. Nalaman kong______________________________________________<br>3. Gusto ko pang malaman_________________________________________ |